Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hunyo 29, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 138, s. 1983

**UNANG PAMBANSANG KUMPERENSYA/PALIHAN NG PAMBANSANG SAMAHAN SA PAGSASALING-WIKA (PSPW)**

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang Pambansang Samahan sa Pagsasaling-Wika (PSPW), sa pakikipagtulungan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ng Bulacan at sa pagtataguyod ng Ministri ng Edukasyon, Kultura at Isports, Ministri ng Kabatirang Pangmadla, Surian ng Wikang Pambansa, Funds for Assistance to Private Education at Language Education Council, ay magdaraos ng Unang Pambansang Kumperensya sa Pagsasaling-Wika sa Hiyas ng Bulacan Convention Center sa Malolos, Bulacan sa Oktubre 7-8, 1983.

2. Ang paksa ng kumperensya ay "Ang Pagsasaling-Wika sa Kaunlarang Pambansa (Kasaysayan, Tungkulin at Pamamaraan)." Ang mga layunin ng kumperensya ay:

a. maipakita ang kahalagahan ng pagsasaling-wika para sa kaunlarang pambansa lalo na sa larangan ng kasaysayan at kultura.

b. pasiglahin ang pagsasaling-wika sa iba't ibang larangan ng karunungan lalo na sa mga rehiyong di-Tagalog sa pamamagitan ng pangangalap at pagtitipon ng mga materyales na nauukol dito.

k. bumuo ng mga panimulang patnubay sa pagsasaling-wika upang malinang ang kakayahan dito.

3. Ang mga dapat dumalo sa gawaing kapulungang ito ay mga instruktor/propesor ng Pilipino (pamantasan, kolehiyo, sekundarya); mga puno o namumuno sa kagawaran ng Pilipino (pamantasan, kolehiyo, sekundarya); mga tagamasid/tagapag-ugnay sa mga sumusunod na asignatura: Pilipino, Araling Panlipunan, sining praktikal/bokasyonal, sining industriyal, karunungang pantahanan, edukasyon, edukasyong pisikal, agrikultura, at musika at sining; at tagamasid/tagapagugnay ng edukasyong di-pormal.(Maaari ding dumalo ang mga tagamasid tagapag-ugnay ng iba't ibang asignatura na gumagamit ng Pilipino bilang wikang panturo maging sa pangrehiyon, pang-sangay at pang-distrito maging sa antas na pamantasan, kolehiyo, pang-sekundarya at pang-elementarya maging pribado o publiko.)

4. Ang mga dadalo sa kumperensiyang ito ay bibigyan ng "official time" lamang at ang gugugulin ng kinatawan sa pagdalo sa kumperensyang ito, gayundin ang bayad sa seminar na ₱50 ay personal.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian:
Wala

Pamamahagi: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, COLLEGIATE
TEACHERS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOP